Ang Pandinig ay Maaaring Magbago sa Paglipas ng Panahon

Ang iyong anak ay maaaring nangangailangan ng pagsubok sa pandinig ng dalawang beses sa isang taon hanggang sa edad na 3 kung mayroong:

- Impeksyon sa pagkasilang (German Measles, Toxoplasmosis, Cytomegalovirus)
- Impeksyon pagkatapos ng pagkasilang (Meningitis)
- Mababang timbang sa pagkasilang (1500 gramo o kulang)
- Jaundice na nangangailangan ang pagsalin ng dugo
- Kaibang hugis ng ulo o mukha (bungi o biyak na ngalangala (palate)
- Kahirapan sa paghinga noong pagkasilang
- Pinsala sa ulo
- Gamot na nakakasira sa tainga
- Dalawa o mahigit na araw sa “neonatal intensive care unit”
- Kasaysayan ng pamilya ng permanente o patuloy na pagkawala ng pandinig

Para sa karagdagang impormasyon tawagan ang aming:

Hawaii Keki Information Services System (H-KISS) information and referral line

H-KISS Oahu
594-0066
(Voice &TDD)
o

H-KISS Neighbor Islands
Libreng tawag:
1-800-23-5477
(Voice &TDD)

Linda Lingle, Gobernador (Governor)
Chiyome Leinaala Fukino, M.D., Direktor ng Kalusugan (Director of Health)

Ang Hawaii Department of Health ay nagbibigay ng paraan sa mga aktibidades na walang turing sa lahi, kulay, o bayang pinanggalingan (kabilang na ang wika), edad, seks, relihiyon, o kapansanan. Kung may problrma sulatan o tawagan ang Affirmative Action Officer sa Box 3378, Honolulu, HI 96801-3378 sa (808) 586-4616 (voice/tty) sa loob ng 180 na araw.

Bahagi ng suporta ng proyektong H61 MC 00038 ay galing sa Maternal Child Health Bureau (Title V, Social Secruity Act) Health Resources and Services Administration, Department of Health and Human Services

Rev. 10/04 (Language: Tagalog); Phone Number Updated 12/06

ANG MABUTING PANDINIG AY NAKAKATULONG SA PAGKATUTONG MAGSALITA

Ang pagsubok ng pandinig ay maaring isagawa sa anumang taon

NEWBORN HEARING SCREENING PROGRAM

Early Intervention Section
Hawaii Department of Health

Natututo Bang Magsalita ang iyong Anak?

Ang iyong anak ba ay . . .

Pagkasilang hanggang 3 buwan
- ☐ Nagugulat sa malalakas na tunog (6 na piye kalayo)
- ☐ Tumitili
- ☐ Naaaliw sa boses ng ina

3 hanggang 6 na buwan
- ☐ Napapalingon sa kakaibang tunog (laruan)
- ☐ Gumagawa ng mga tunog (ooh, ba-ba, ma-ma)
- ☐ Napapalingon at ngumingiti kapag narinig ang pangalan

6 hanggang 9 na buwan
- ☐ Nakikinig sa tugtugin o kanta
- ☐ Gumagaya sa salita at hindi salita
- ☐ Naiintidihan ang “hindi” at “bye-bye”

9 hanggang 12 na buwan
- ☐ Ibinabaling ang ulo kapag may tunog
- ☐ Ginagaya ang tunog sa pagngawa : b,m,p,d,t,n,g,k,w,f,v,th,s,z,l
- ☐ Sinasabi ang “mama” o “dada” na may damdamin

12 hanggang 18 na buwan
- ☐ Itinuturo ang mga bahagi ng katawan, mga tao, at laruan
- ☐ Pumalya sa mga huling at unang katinig (“usa” para sa “pusa”)
- ☐ Nakakaintindi ng 50-75 na salita

18 hanggang 24 na buwan
- ☐ Nakakaintindi ng mga 300 na salita
- ☐ Gumagamit ng mga 50 na salita na alam na
- ☐ Sinusunod ang mga simpleng utos

24 hanggang 36 na buwan
- ☐ Natututo ng mga bagong salita araw-araw
- ☐ Nakagagawa ng tamang mga kalahati ng tunog na mga bahagi ng pananalita
- ☐ Nagtatanong at sumasagot sa mga tanong na tulad ng bakit at ano

Ang mahalagang panahon para matuto ng pagsasalita at wika ay ang <u>unang 3 taon ng buhay.</u>

Kinakailangan ng mga sanggol ang mabuting pandinig para madaling matuto sa panahong ito.

Tulungan mo ang iyong anak na matutong makinig

Itakda ang kapaligirang ingay sa pamamagitan ng pagpatay ng maiingay na kagamitan tulad ng erkondisyon, radio, o bentilador. Gamitin ang pinakatahimik na kuarto sa loob ng bahay na kuarto ng iyong sanggol para kayo ay magsalita at magsalita.

Sundin kung ano ang hilig ng iyong anak. Pag-usapan kung ano yong tinitignan ng anak mo at ang kanyang ginagawa. Pabayaan mo ang iyong anak na siyang mamuno habang panahon ng paglaro,

Kung magsalita ka, ***umupo ka sa harapan ng iyong anak*** para makita niya ang anyo ng mukha mo. Maupo ka sa tabi ng mas mabuti niyang tainga.

Magsalita ng ***katamtamang lakas*** (huwag masyadong malakas o mahina). Magsalita ng natural.

Tularan ang iyong anak. Gusto ng mga bata kung naririnig kang nagsasalita na katulad nila. Idiin ang mga patinig kapag ginagamit ang isa o dalawang salita sa bawat pagsalita.

Tulungan mo ang iyong anak na makinig sa iyong boses. Magsalita ***sa ibat-ibang tuno, lakas, at indayog.*** Ulit-ulitin ng maraming beses.

Puriin ang iyong anak kapag nagtatangkang magpahayag! Pumalakpak kung nakikinig ang iyong anak at tumutugon sa tunog (tulad kung humintong gumalaw, tumititig sa iyo, itinuturo ang isang bagay, tinutularan ang isang tunog, o pag-iba ng ayos ng katawan).